Light Reading
Newsletter para sa customer mula sa Seattle City Light
Hulyo-Agosto 2016

10 lugar na dapat bisitahin na binibigyan ng kuryente ng City Light

Ang City Light ay pagmamay-ari ng mga customer nito at hindi ng mga namumuhunan. Kaya maaaring interesado kang malaman ang tungkol sa mga lugar na mabibisita mo na kumukuha ng kuryente mula sa City Light. Narito ang listahan ng 10 lokal na lugar:

1. Skagit Boat Tours: Matuwa sa magandang North Cascades habang natututunan mo ang tungkol sa Skagit Hydroelectric Project ng City Light na matatagpuan sa kabundukan.

2. Sonic Bloom sa Seattle Center – Makita ang 33 talampakang estatwa na hugis mga bulaklak sa solar-powered na art display na ito.

3. Seattle Aquarium – Tumayo sa deck sa labas upang makita ang isa sa pinakamalaking solar display ng anumang aquarium sa rooftop sa buong bansa.

4. Woodland Park Zoo – Bumisita sa isang proyektong solar ng komunidad sa food pavilion ng zoo, at sumakay rin sa solar-powered na tsubibo.

5. Safeco Field – Manoond ng laro sa unang major league ballpark na iilawan ang field gamit ang mga LED.

6. Jefferson Park – Magpiknik sa mga silungang may mga bubong na gawa sa mga solar panel. Nakagawa ang proyekto ng sapat na enerhiya upang mabigyan ng kuryente ang 10 bahay sa loob ng isang taon.

7. The Bullitt Center – Libutin ang pinakamakakalikasang gusaling pangkomersyo sa buong mundo at magtanong tungkol sa natatangi nitong pakikipagtulungan sa City Light.

8. Pike Place Market – Bumili ng kape, mga bulaklak at higit pa sa isa sa pinakalumang pampublikong pamilihan sa buong mundo, na matipid na ngayon sa kuryente.

9. Seattle Great Wheel – Pasayahin ang iyong sarili at sumakay sa Wheel, na iniilawan ng makukulay na LED display.

10. Paramount Theater – Makita ang 4,800 ilaw, kasama ang mga chandelier, na na-update na gamit ang mga LED na matipid sa kuryente. Ang kabuuan ng taunang natitipid sa gastusin para sa teatro ay $43,000. Ang natitipid sa kuryente sa isang chandelier ay sapat upang mabigyan ng kuryente ang isang bahay sa Seattle sa loob ng isang taon.

Higit na tulong para sa mga bill sa utility
Nag-anunsyo ang Alkalde ng Seattle na si Edward Murray at ang Seattle Housing Authority (SHA) ng mga pagbabago sa Utility Discount Program (Programa ng Diskwento sa Utility) na awtomatikong magtatala ng mahigit sa 10,000 sambahayan sa SHA na may mababang kita. Hindi kailangang mag-apply ng mga tenant sa programa. Awtomatiko silang isasama. Mababawasan nito nang kalahati ang mga bayarin sa kuryente, tubig, basura/pagre-recycle, bayarin sa paglilinis ng imburnal at labasan ng tubig. Alamin ang higit pa tungkol sa Utility Discount Program sa www.seattle.gov/light/assistance/.

Isang video ng Paglilibot sa Skagit
Sinasabi ng mga tao na maraming mensahe ang maipaparating sa isang larawan kaya panoorin ang GoPro video na ito na kinunan mula sa harapan ng bagong bangka para sa paglilibot ng City Light habang naglalayag ito paikot sa Lawa ng Diablo: www.seattle.gov/light/DiabloVideo. Ang aming paglilibot sa lawa ay isa lang sa maraming paraan upang ma-enjoy ang North Cascades ngayong tag-araw. Mag-book ng pagbisita sa www.skagittours.com.

Magluto nang walang oven
Makatipid ng kuryente at panatilihing bahagyang mas malamig ang iyong bahay ngayong tag-araw sa pamamagitan ng pagluluto nang hindi ginagamit ang iyong oven. May inilabas na dalawang online na cookbook ang City Light na nagtatampok ng mga recipe na hindi nangangailangan ng mga oven. Tingnan ang aming mga cookbook sa www.seattle.gov/light/cookbook2013 at www.seattle.gov/light/cookbook2014.

Sa inyong kapitbahayan: Nagtatrabaho ang City Light
Ang mga crew ay nasa iba't ibang kapitbahayan at nagtatrabaho upang makapagbigay ng maaasahang serbisyo. Tingnan ang aming mga lokasyon ng trabaho online: www.seattle.gov/light/atwork at mag-click sa orange na cone.

Tip para sa kaligtasan mula sa field
"Habang ginagawa mo ang iyong trabaho sa tag-araw sa labas, alalahanin ang kaligtasan sa lahat ng oras. Huwag gumamit ng mga metal na hagdanan malapit sa mga linya ng kuryente at panatilihing tuyo ang mga extension cord upang maiwasan ang sunog o pagkakakuryente."

-Shannon Fitch, isang line worker sa City Light

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan
Seattle City Light
700 Fifth Avenue, Suite 2822
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
May mga tanong, komento o suhestyon ka ba? Tumawag sa (206) 684-3000